



**BASAHI** ang Panayam kay Ka Cleo del Mundo: Sino si Alex Pacalda at ano ang negosyong ECLIP? (*pahina 6*)

**Ronda Gerilya:**  
Matatagumpay na TO sa nakaraang 3 buwan (*pahina 3*)

**Tampok:**  
Suarez sa magsasaka: wala akong magagawa kahit pa si Presidente Duterte (*pahina 7*)

**Kultura:**  
Mga Tula na naisulat sa gitna ng digma (*pahina 10*)

## Itakwil ang Panloloko! Labanan ang Pasismo!

**G** arapalan at paboritong target ng rehimeng US-Duterte ang paninira sa rebolusyunaryong kilusan. Sa pangunguna mismo ni Digong Duterte, wala siyang pinapalampas na pagkakataon sa paninira at pang-iintriga sa CPP-NPA-NDFP at sa nakikibakang mamamayan. Sa mga umpukan ng magsasaka at taumbayan, ang katulad nya ay tsismosong-kutatá.

Sinasalamin ng mga talumpati ni Duterte ang aktwal na kaganapan sa kanyang paggugobyerno. Kalakhan ay pagmumura at panlalait sa kanyang kalaban at kakarampot na hinggil sa programang pangbayan na palsipikado at puro kabulaanan. Patuloy lamang ang pangangako ng rehimen para sa pagbabago na hindi pa rin dumarating sa kalaghatian ng termino ni Duterte.

Ang kampanyang kontra-droga,

kontra-korupsyon at paglilinis sa pamahalaan ay pinatunayang bigo matapos itong yanigin ng kahiya-hiyang kabulastugan ng mismong hepe ng pambansang pulisya.

Hindi pa rin natatapos ang endo sa hanay ng manggagawa, sa halip, may nagpapanukala pang patagalin ng dalawang taon ang pagiging kontrakwal. Hindi ibinibigay ang kahilingang sahod ng mamamayan lalo na ng mga titser at nars.

## Malaking kaswalti ng 85IB, itinago

Itinago ng 85th Infantry Battalion ng Philippine Army ang malaking pinsalang tinamo nila sa labanan sa isang yunit ng New People's Army noong Oktubre 17 sa Sityo Katulin ng Barangay Suha sa bayan ng Catanauan.

Mabilis na naglabas ng gawa-gawang kwento ang mga sundalo sa kanilang Facebook page na nagsasabing "walang kaswalte" sa kanilang panig. Pinaglabas din nila ang Punong Barangay ng papel pagpapatunay na walang sinaktan o nilabag na karapatang tao ang mga sundalo.

Mariin itong pinasubalian ng natagpuang dugo sa lugar kung saan nasabugan ng bomba at pinagbabaril ang mga sundalo. Ayon mismo sa blasting officer ng yunit ng NPA, hinintay pa niyang lumapit ng halos iisang dangkal ang layo ng mga sundalo sa bomba bago niya ito pinasabog.

Sa nakalap pang impormasyon, ipinatawag, inimestigahan at tinakot ang mga nakatira sa malapit sa pinangyarihan. Nawalan din ng apat na manok ang maybahay sa pinaglabanan. **D**

Walang totoong libreng pamamahagi ng lupang sakahan. Sa halip, isang kapisang papel na CLOA na kailangang bayaran ng magbubukid. (*sundan sa pahina 2*)

**Itakwil...** mula sa p.1

Delubyo ang idinulot ng pagbaha ng imported na bigas habang nasadlak naman sa karalitaan ang mga magsasaka sa palayan. Ano ang saysay ng pagdagsa ng suplay ng bigas kung ang nagtatanim at kumakain nito ay siya namang pinapatay-sa-gutom?

Bukod sa palay, bagsak ang presyo ng karamihang produktong bukid kagaya ng kopra. Inutusan ni Digong Duterte ang mga magsasaka sa niyugan na kainin na lamang ang kopra nang makaagdong sa gutom at hirap! Gayong may mahigit 200 bilyong pisong pondo ang coco levy funds na anumang oras ay maaring isauli sa mga magniniyog para magamit nila sa panahon ng kahirapan.

Tuluyang ibinenta ni Duterte ang likas na yaman para sa negosyong suplay ng tubig sa pagpapatuloy ng Kaliwa dam sa North Quezon. Ang pondong gagamitin dito ay inutang sa China na kailangang bayaran ng buwis ng mamamayan.

Batbat ng kabulukan at kapalpakan ang guberno ni Duterte mula sa krisis sa trapik sa EDSA sa Kamaynilaan, anomalya sa hazing sa PMA na ikinamatay ng kadete nito, kawalang-kahandaan sa mga kalamidad gaya ng tagtuyot at lindol, pati sariling kondisyong pangkalusugan ng Pangulo ng bansa – mga usapin na nagpapakitang walang kakayanang magguberno sa pambansang antas ang dating Meyor. Nakakapanatili siya sa poder dahil nasa militaristang kontrol niya ang kanyang guberno katuwang ang mga heneral at burukrata na hawak ng imperyalistang US at ang ilan ay ng imperyalistang China.

Mahalaga ang panloloko at pagsisinungaling na isinasagawa ng rehimeng US-Duterte para mapanatili nito ang pamamangka sa dalawang ilog ng Estados Unidos at Tsina. Kamakailan,

bumiyahe rin ng Rusya si Digong Duterte para ibugaw ang lakas-paggawa at likas-na-yaman ng bansa. Naging karaniwan na ang walang-kahihyang pagbebenta ng pamahalaang Duterte ng soberanya ng bayan lalo na sa China at US.

Kailangan ni Duterte na patuloy na makuha ang pakinabang mula sa mga imperyalistang bansa nang sa gayon ay patuloy ding matustusan ang luho ng kanyang guberno, ng mga opisyal nito, at ang magastos niyang mga gera – laban sa droga, laban sa mamamayang Moro at laban sa CPP-NPA.

Natural na aalma at manlalaban ang taumbayan sa ganitong kalagayan!

Tinumbasan ng walang kaparis na pasismo ang ganitong pagtutol ng mamamayan. Sa pamamagitan ng iba't-ibang antas ng Task Force para diumano'y tapusin ang armadong paglaban ng mamamayan, hinalihaw ng pinagsanib na sundalo at pulis ang mga komunidad ng maralita sa kanayunan at kalunsuran.

Sa saliw ng tugtuging “peace and order” at “anti-drug abuse”, nakikoro ang pamprobinsyang pamahalaan ni Governor Danilo Suarez sa pagsusulong ng kontra-rebolusyunaryong digma sa pagpapasa ng resolusyon na nagdedeklara sa CPP-NPA, kabilang ang mga militante at progresibong samahan ng mamamayan, na persona non grata.

Tumagos ang pakanang ito hanggang sa mga munisipalidad at barangay. Pero dahil dinaan sa pananakot at pambabroso ang pagpapasa ng resolusyon, litaw-na-litaw ang pagtutol ng mga opisyal ng lokal na pamahalaan sa naturang kautusan. Hindi totoong kinakatawan ni Gov. Danilo Suarez ang boses ng LGU sa buong lalawigan. Ang ipinasa niyang resolusyon, ay resolusyon lamang *niya* at hindi ng probinsya ng

Quezon. (Tingnan ang *kaugnay na artikulo sa p. 5*)

Ang pagpapatupad ng NTF-ELCAC at JTF-Kapanatagan ay nagresulta na ng


mahigit 300 bilang ng kaso ng paglabag sa karapatang tao sa buong lalawigan. Hindi na mabilang, at patuloy pang nadaragdagan ang abusong militar lalo na sa komunidad ng magsasaka sa kanayunan. Karaniwan ang paglalabas ng mahahabang listahan ng diumano'y kasapi at suporter ng CPP-NPA. Kasunod nito ay ang mga ilegal na pag-aresto, pagsasampa ng gawa-gawang kaso at pekeng pagpapasuko.

Sa mga nabanggit, paborito ngayon ng sundalo at pulis ang pekeng pagpapasuko sa ilalim ng ECLIP o Enhanced Comprehensive Local Integration Program ng Department of the Interior and Local Government. Sangkaterbang pera at pakinabang ang umiimbudo sa bulsa ng mga opisyal ng AFP, PNP at DILG sa pakanang ito. Ang pinakahuling biktima ng ECLIP ay ang human rights defender na si Alexandra Pacalda na kalaunan ay ipinakulong ng mga sundalo dahil nagkabituhan na hindi totoong sumurender si Pacalda sa halip ay tinortyur ng mga elemento ng 201st Brigade ng army para mapapirma sa isang pekeng kasulatan ng voluntary surrender.

Ipinagyabang ng gobernador ng Quezon na may 68 sumurender na NPA nitong buwan ng Oktubre sa rehiyon ng Southern Tagalog, bukod pa ang 23 mula sa lalawigan. Nangangahulugan ito ng halos anim na milyong pisong pondo para sa inilalaang P65,000 bawat sumuko. Pero wala isa man sa mga “sumurender” ang nakapagtestimonya sa publiko. Sa panig ng Apolonio Mendoza Command-NPA, mariin nitong pinabubulaanan na mayroon silang aktibong miyembro na sumuko sa mga nakaraang buwan.

Sa halip, ang mga naidokumento ay mga karaniwang magsasakang pinaratangan na kasapi at suporter ng CPP-NPA. Wala isa man sa magsasakang ito na sumailalim sa ECLIP ang nagsabing nakatanggap sila ng pera, maliban sa pamasaha pauwi sa kanilang baryo at ilang kilo ng bigas at ilang piraso ng delatang sardinas.

Patuloy na natatalo ang rehimeng US-Duterte sa kanyang mga pasistang *(sundan sa p. 3)*

Ang  ay ang rebolusyunaryong pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas - Marxismo-Leninismo-Maoismo sa South Quezon-Bondoc Peninsula. Ito ang boses ng mamamayang nakikibaka at tagapamandila ng mga tagumpay ng digmang bayan sa SQBP.

Para sa inyong mga komentaryo, katanungan, panukala at mga kontribusyon, makipag-ugnayan lamang o i-email kami sa: [diklapquezon.ph@gmail.com](mailto:diklapquezon.ph@gmail.com)

RONDA GERILYA

# Matatagumpay na TO ng NPA sa nakaraang tatlong buwan

*Sa loob ng mga buwan ng Agosto hanggang Oktubre, naglunsad ng makailang matatagumpay na aksyong militar ang NPA sa probinsya ng Quezon.*

Nagkaroon ng engkwentro sa pagitan ng NPA at mga combat intel ng AFP sa Sityo Bunga, Brgy. Villanacaob, bayan ng Lopez ng alas dose kinse ng hapon ng Setyembre 13. Nasa proseso ng paglalakad ang NPA nang makasalubong ang 3 armadong intel ng AFP. Unang napaputukan ng mga NPA ang nasorpresang sundalo at nakapanatili ng pwesto habang tumakbo ang mga sundalo. Walang pinsala sa hanay ng NPA at ligtas na nakaatras habang isa ang patay at isa ang sugatan sa mga sundalo.

Samantala, inisnays at pinaputukan ng mga NPA ang nag-ooperasyong sundalo sa Brgy. Vista Hermosa, bayan ng Macalelon ng alas dos ng hapon ng Setyembre 23. Hindi nakaganti ng putok ang mahigit sa 20 nagpapahingang kaaway. Itinago ng AFP ang malaking pinsalang tinamo nila sa inilunsad na atake ng pulang mandirigma.

Kinabukasan, binomba ng NPA ang CAFGU Detachment sa San Rafael sa bayan ng Lopez, alas seis ng gabi noong Setyembre 24. Ginapang at kinomando ng mga pulang hukbo ang kampo at nilagay ang pinasabog na CDX. Upang itago ang naging pinsala ng sundalo, pinamalita nilang

transpormer lamang ang sumabog sa kampo.

Sa hangganan ng Laguna at Quezon, isang operasyong snipe ang inilunsad ng NPA sa Brgy. Abu-abo, bayan ng Mauban noong Oktubre 8. Tugon ito sa ilang araw ng nag-ooperasyong militar sa lugar. Isa ang patay sa hanay ng AFP at walang pinsala sa mga NPA.

Ang mga aksyong militar na inilunsad ng NPA ay tugon sa panawagan ng mamamayan na bigwasan ang operasyong militar ng berdugong AFP sa mga barangay at bayan na kanilang sinasaklaw. Ang matagumpay



na mga taktikal na opensiba ay magsisilbi sa pagpapahina at pagbigong sa Oplan Kapanatagan ng Rehimeng US-Duterte. 🗡️

(Itakwil... mula sa p.2)

gera laban sa buong bayan. Hindi nagtatagumpay ang NTF-ELCAC lalo na sa antas barangay sa imbing layunin nitong “kuhanin ang puso at isip ng mamamayan” para “alisan ng tubig ang isda”. Pinananaig lamang ni Duterte ang paimbabaw at itim na propaganda dahil hawak naman nila ang makinarya ng mga pahayagan katulad ng mga inilalabas nilang pekeng balita at disimpormasyon.

Ang akala yata ng rehimeng US-Duterte ay uuring ang bayan sa kanyang pinatindi at pinabangis na pasismo! Sa pamumuno ng Partido Komunista ng Pilipinas sa kanyang Bagong

Hukbong Bayan at rebolusyunaryong mamamayan, naihahanda nito ang bayan sa paglalantad, paglaban, at pagbigong sa panloloko at pang-aapi sa kanila.

Patunay dito ang patuloy na pagbubuo at paglakas ng rebolusyunaryong samahan ng mamamayan sa kanayunan at kalunsuran, pagtatagumpay ng mga laban sa rebolusyong agraryo para maigiit ang lehitimong karapatan ng magbubukid, at paglakas mismo ng sandatahangpakikibakangmamamayan sa pangunguna ng New People’s Army. Tampok ang matagumpay na bira ng NPA sa umaatakeng sundalo noong Oktubre 17 sa bayan ng Catanauan. Ito

na ang isa sa pinakamalaking kaswalti na tinamo ng 85IB sa taong ito.

Sa mga nagdaang buwan kabi-kabila ang naging patama ng Bagong Hukbong Bayan sa pinagsanib na operasyon ng sundalo at pulis. (Basahin ang kaugnay na balita sa pahinang ito)

Kailangang itakwil at labanan ang pasismo at panloloko ng rehimeng US-Duterte sa pamamagitan ng pagkakaisa ng sambayanan. Marapat na kamtin ang mas maraming tagumpay ng rebolusyunaryong kilusan sa gitna ng pasistang gera ni Duterte upang makasulong sa abanteng yugto ng estatehikong dependsiba ng digmang bayan. Ito ang tamang panahon! 🗡️

## Ang Gabay ni Ka Armine de Guia

### Bakit siguradong mabibigo ang NTF-ELCAC at JTF-Kapanatagan?

**K**umusta na mga giliw kong mambabasa! Kumusta ang inyong pakikihamok sa buhay sa ilalim ng rehimeng US-Duterte? Sana ay nakakaagdong pa kayo sa araw-araw na pangangailangan. Patapos na naman ang taon pero walang dumating na pagbabago sa sambayanan. Kaululan ang sinabi ni Meyor Digong Duterte na *change is coming*. Sa halip ay kabikabilang kapahamakan ang sumapit sa ating bayan.

Akalain ninyo ba namang sabihan ng pasistang Pangulo ng bansa ang mga taga-Quezon na “e ano ba kung mamatay sa gutom ang mga magniniyog na ‘yan.” Kuwento ito ng mga kababayan nating taga-Guinayangan, kung saan 54 na barangay nila ang nagpasa ng resolusyon tungkol sa pagbagsak ng presyo ng lukad. Ipinasa nila ito kay Governor Danilo Suarez para dalhin kay Presidente Duterte at iyon ang kanyang tugon.

Pero ang lalong nakakapagngitngit, ay sinabihan niya ang magsasaka sa niyugan na kainin na lamang daw ang kopra!

Nagpapatawa? Nagtatanga-tangahan? O sadya lamang ignorante si Meyor Duterte sa kalagayan ng magsasaka sa niyugan?

Ayon sa aking source, P5.90 ang presyo ng buo at P20/kilo ang lukad sa Peter Paul. Maiimadyin na ba ninyo kung magkano lamang ang presyo nito sa linang? P2.90 ang buo at P11/kilo ang kopra!

Masiste ka, dahil sa aping kalagayan ay itinutulak ang mamamayan na hindi na lamang makiusap, kundi maggiit, militanteng maggiit ng kanyang mga karaiangan at karapatan. Ngayon, ang ganitong aksyon ng masa ay kaagad na binabansagan ni Duterte na makakaliwa, front ng NPA.

At dahil *bawal* na ang magreklamo at makibaka para sa kagalingan ng bawat mamamayan, kailangan ng rehimeng US-Duterte ng niresiklong programa na magtitiyak na walang tututol sa kanyang patakaran, ito ay sa kalagayang hindi pa niya idinedklara ang batas militar sa buong bansa.

Ito ang magpapaliwanag sa Executive Order No. 70 na tuntungan ng pagbubuo ng National Task Force to End Local Communist Armed Conflict. At para siguraduhing ipapatupad sa buong bansa alinsunod sa whole of nation approach, *kuno*, binuo rin sa antas rehiyon, lalawigan, munisipal hanggang barangay ang mga task force na ito.

Hindi pa nasapatan, ang dating Development Support & Security Program-Kapayapaan ay sinundan ng Joint Task Force-Kapanatagan. Ano ito, inuubos ng mga Heneral ni Meyor ang magaganda at positibong salita sa diksyunaryo? Ano ang isusunod nila, Oplan-Kasaganaan? Baka may ipupusta kayong salita mga giliw kong mambabasa.

Anu't-anuman, ang magkasunod na pagpapalit (o pagsuhay) ng plano (o katawagan) sa kontra-rebolusyunaryong digma ay singkahulugan ng pagkabigo (o kapalpakan) nito. Kailangang siguraduhin ng mga Heneral ng kasalukuyang rehimen na angkop at sariwa ang kanilang pakana alinsunod sa disenyo ng counter insurgency guide ng among imperyalistang US.

Ano ang bago sa JTF-Kapanatagan? Wala. Maliban sa higit na pinabangis ang focused military operations at ginawang mas mapanlinlang ang community support program operations.

Sa kasalukuyan, sa bahaging South Quezon at Bondoc Peninsula ng ating lalawigan, nakadeploy ang isang batalyon ng pinagsanib na army, pulisya at CAFGU

*Nagpapatawa?  
Nagtatanga-  
tangahan? O  
sadya lamang  
ignorante si  
Meyor Duterte  
sa kalagayan ng  
magsasaka sa  
niyugan?*

sa mga interyor na baryo ng mga bayan ng Catanauan, Macalelon, Lopez, Gumaca at General Luna.

Bunsod ito ng malaking kaswalti na tinamo ng 85IB sa labanan noong Oktubre 17 sa bayan ng Catanauan. Hindi kinayang aminin ng 85IB ang inabot nilang pinsala dahil ang inaakala nilang presisong strike operation laban sa yunit ng NPA na nakasagupa nila ay humantong sa kanilang pagtakbo sa labanan.

At dahil talunan, una nilang pinagbalingan ang mga residente sa lugar. Tinakot nila at pinagbantaan ang mga maybahay dahil diumano sa pagkukop sa NPA at pagbibigay-impormasyon tungkol sa aatakeng sundalo. Kung gayon, ano itong pahayag ng 85IB sa midya na “bago ang enkwentro, nagsumbong ang taumbaryo sa mga sundalo sa presensya ng NPA na pansamantalang nagkakampo sa lugar.”

Ano ga talaga Ser, sa inyo nagsusumbong o sa NPA?

Para makabawi, 40 magsasaka ng Barangay Magsaysay sa bayan ng General Luna ang inilista na diumano'y

## Mga Kapitan ng Lopez umalma sa *persona non grata*

Matapos ideklara ng Tanggapan ng Gobernador ng Quezon na persona non grata ang CPP-NPA desperado ang Southern Luzon Command ng AFP, Provincial Police Office at Department of the Interior and Local Government na papirmahin sa parehong ready-made resolution ang mga LGU sa antas bayan hanggang barangay.

Sa bayan ng Lopez, sinimulan na ng AFP ang pamimilit, pagmamadali at pambabaso sa mga kapitan ng barangay. Inoobligang magbuo ng Barangay Task Force to End Local Communist Armed Conflict at magpasa ng resolusyong persona non grata ang mga sangguniang barangay. Ani ng DILG at mga sundalo, “mandatory” ang pagpapasa ng resolusyon.

Pero sa ginawang pag-aaral ng ilang

opisyales ng barangay sa DILG Memo Circular 2019-125 na gabay sa mga LGU sa pagpapatupad ng Executive Order No. 70 at Memo Circular 2019-169 na gabay sa pagpapatupad ng Retooled Community Support Program, napansin nilang walang probisyon sa dalawang papel na sapilitang tadhana ng batas sa mga LGU ang pagpapasa ng resolusyong nagdedeclarang persona non grata ang rebolusyunaryong kilusan.

Liban sa CPP-NPA idinadawit rin sa resolusyon ang mga progresibong grupo at partylist sa idedeclarang persona non grata tulad ng Anakpawis Partylist, Bayan Muna, Gabriela, Kabataan Partylist, Anakbayan, Karapatan at iba pa.

Sa isang pagpupulong ng Association of Barangay Councils o ABC sa bayan ng Lopez, tinuligsa

at inalmanhan ito ng mga kapitan ng barangay. Nagkaisa ang mga kapitan na irevoke ang bahagi na ito ng dokumento. Anila, “bakit hindi na lang ninyo hulihin ang mga congressman na iyan?” Sagot ng sundalo, “nahihirapan nga kaming hulihin sila.”

Upang ilihis ang kawalan ng aksyon ng kanilang gobyerno, malisyosong iniuugnay ng rehimeng US-Duterte ang mga progresibo at makabayang grupo sa CPP-NPA. Patunay na bigo at walang kabuluhan ang NTF/RTF-ELCAC. Hindi ito nagtagumpay na pasamain at harangan ang mga lehitimong panawagan at malakas na paglaban ng mamamayan.

Katunayan, sabi ng isang barangay captain, “wala naman yang resolusyon na iyan, hindi masusunod iyan.”

may kaugnayan sa NPA. Kabilang si ex-Kagawad Mando Buwisan sa pinasumpung sa kampo, at ang magkapatid na Edi at Sonny Sanchez ang inaresto’t ikinulong dahil sa gawa-gawang kaso.

Sunud-sunod ang iligal na pag-aresto, pagkukulong, pananakot sa mga sibilyan para itulak silang sumuko, at iba’t-iba pang tipo ng paglabag sa karapatang sibil at pantao ng mamamayan. (*Tingnan ang kaugnay na artikulong Bantay Karapatan sa p. 9*)

Mayroong nakahimpil na sundalo sa mga Bahay Nayon ng barangay ng Sta Rosa, Mabanban, Sta Catalina, Sto Nino, Sumalang at Cawayanin sa bayan ng Lopez. Mahigit isang buwan na sila rito sa ngalan ng kanilang community support program na may anyong beer house, videoke at tong-itan.

Iyan po mga giliw kong mambabasa ang anyo ng NTF-ELCAC at JTF-Kapanatagan sa ating lugar. At dahil po,

marami pa ring nalilinlang ang sundalo na ating kababaryo, kailangan nating silang paliwanagan sa tunay na kalagayan. Paalalahanan po natin sila na huwag papasok sa programang ECLIP dahil siguradong pagkakaperahan lamang sila. Huwag din po silang pipirma sa anumang papel, dahil siguradong ipaparada sila na kunwaring sumukong rebelde.

Mag-ingat din po kayo sa mga nagpapanggap, ginagaya ang bihis at pananalita ng NPA. Sila naman ay siguradong hindi makakalusot sa ating mga organisadong masa dahil langit at lupa ang pagkakaiba ng inyong Bagong Hukbong Bayan at ng pasistang sundalo ng rehimen. Kung kakayanin, kaagad silang ipaaresto sa inyong Milisyang Bayan, o kaya naman ay abangan ang paglabas sa baryo para patamaan ng mga operasyong atrisyon.

Siyento porsiyento, mabibigo ang NTF-ELCAC at JTF-Kapanatagan. Habang sigurado ring magtatagumpay ang ating

rebolusyon. Katunayan, sa gitna ng matinding FMO ng kaaway, tuluy-tuloy ang ating pagtatayo ng baseng masa at pagbawi sa mga dating naiwan. Ang ating kampanya sa rebolusyong agraryo ay patuloy na tinatangkilik ng uring magbubukid, maraming usaping agraryo sa baryo ang ating nalulutas kahit hindi tayo tinitigilan ng operasyon ng sundalo. At dahil nananalang ang inyong NPA sa mga nakaraang labanan, lalong nag-iibayo ang inspirasyon ng mamamayan sa kanayunan hanggang kalunsuran. Marami ang tumutungong sonang gerilya para makipamuhay at buong panahong kumilos bilang mga mandirigma ng NPA.

At dahil ganito mga mahal kong kasama at mambabasa ang sigla ng ating rebolusyunaryong gawain, tiyak ang pagkakamulat ng sambayanan para tumahak sa landas ng matagalang digmang bayan. At ang Oplan kontrainsurhensya ni Duterte? Nasa pusali na ng kasaysayan.

## Interbyu ng Diklap kay Ka Cleo del Mundo: Sino si Alex Pacalda at ano ang negosyong ECLIP ng AFP-PNP-DILG?

*Diklap: Sino si Alexandra/Alex Pacalda? Miyembro nga ba siya ng Bagong Hukbong Bayan?*

Cleo del Mundo: Nasa mga sundalong nagsampa ng gawa-gawang kaso at piskal o tatayong tagausig ng reaksyunaryong korte ang bigat para patunayan ang akusasyon nilang kasapi ng NPA si Alex. Si Alex ay may karapatan na igiit ang di-pagsasalita kung tingin niyang ito ay magsasangkot sa kaniyang sarili. Dapat ay magbigay lamang ng pahayag si Alex sa harap ng kanyang piniling abugado at/o sa loob ng isang may-kakayahang korte.

*D: Kusang-loob daw na sumuko si Alex sa mga sundalo kaya halos isang buwan na binimbin nila sa kampo ng militar?*

CdM: Malaking kalokohan! Ginamit na taktika ng AFP ang anggulong voluntary surrender ang nangyari kay Alex. Una, para mahawakan nila ng walang-taning si Alex dahil kung kusang sumuko ay hindi naman obligadong kasuhan nila ang isang tao. Habang hawak nila si Alex, pipilitin nilang pigain ang anumang impormasyon, totoo man o hindi, na magsisilbi sa kanilang operasyon laban sa rebolusyunaryong kilusan.

Ikalawa, sinadya ng AFP na pagmukhaing sumuko si Alex para kunwaring makinabang siya sa ECLIP kung saan maibubulsa ng mga opisyal ng sundalo ang P65,000 at iba pang benepisyong pangkabuhayan.

Malinaw sa mga inilabas na pahayag, ni Alex mismo at ng kanyang mga magulang na sila ay niloko at inobligang pumirma sa isang papel. Si Alex ay under duress o isinailalim sa pamimilit para amining siya ay kasapi ng Bagong Hukbong Bayan. Bawal ito sa alinmang batas sa buong daigdig. Ang anumang impormasyon at/o pag-amin ng kasalanan na kinuha nang sapilitan ay iligal. Ayon kay Alex, hindi siya pinatulog, hindi pinakain at hindi tinigilang interogahin kaya napilitan siyang lumagda sa isang papel na hindi niya alam ang nilalaman.

Ang mga magulang ni Alex ay nilinlang kaya napilitang pumirma bilang saksi sa naturang dokumento dahil pinangakuan sila ng mga sundalo na pauwin na si Alex kapag nahikayat nilang sumuko. Dahil kung hindi ay sasampahan nila ng kaso si Alex na siguradong ikabibilanggo nito. Pero matapos nilang pumirma, patuloy na binimbin si Alex sa kampo at ipinagkakait sa kanila na madalaw o masamahan habang nasa kustodya ng mga sundalo.

*D: May iba pa bang katulad na pangyayari?*

CdM: Marami. Sa bayan pa lamang ng Lopez at Macalelon ay nasa labing-anim (16) ang bilang ng kaso na naitala namin na may kaugnayan sa pekeng pagpapasuko. Naganap ito sa buwan ng

Hunyo at Hulyo. Tampok na pangyayari sa mag-asawang Leonita at D e m e t r i o Reforma sa bayan ng Macalelon. Iligal na inaresto ang mag-asawa



*Ka Cleo del Mundo, tagapagsalita ng Apolonio Mendoza Command-NPA-Quezon*

dahil sa mga nakuha umanong gamit ng NPA sa kanilang tahanan. Walang nagawa ang mag-asawa nang pagbantaan sila ng mga sundalo, kundi ang pumaloob sa nasabing programang Enhanced Comprehensive Local Integration Program ng Department of Interior and Local Government. Nakatanggap sila ng 15 kilong bigas at 30 sardinas na benepisyo raw mula sa programang pagpapasuko.

Ganito rin ang nangyari kay Rico Quidor na taga-barangay Vista Hermosa sa bayan din ng Macalelon na napilitang pumirma sa kasulatang nagsasabing siya ay “kusang sumuko at lumapit upang humingi ng tulong para magbagong buhay”. Laman ng papel na siya ay “hindi pinilit o sinaktan” gayong si Quidor ay magdamag nang binugbog ng mga sundalo bago pa napilitang pumirma sa blangkong papel kinaumagahan para matapos na ang pananakit sa kanya.

Ayon pa kay Quidor, dinala siya sa kampo ng sundalo sa Tanay, Rizal. Kasama ang tatlo pang diumano’y sumuko na taga-Lopez, ipinrisinta sila kay dating heneral Eduardo Año ng DILG para sa isang pagpapalittrato. Binigyan si Quidor ng 200-piso na pang-arkila ng traysikel pabalik sa kanilang baryo. May pabaon din sa kanyang ilang kilong bigas at delata.

Si Quidor ay aktibong opisyal ng samahan ng magsasaka sa barangay Vista Hermosa na tumututol sa ginagawang dambuhalang dam sa kanilang lugar.

Ang pinakahuling insidente ay ang pagpapasuko kay Armando Buwisan, dating konsehal ng Barangay Magsaysay sa bayan ng General Luna. Pilit siyang idinadawit sa pagkakaaresto kay Aleks Pacalda. Mayroon pang apatnapung (40) pangalan na nasa listahan ng sundalo na nanganganib na maaresto at kalaunan ay ideklarang mga pekeng sumurender o nagbalik-loob.

Siguradong malao’t madali ay tutuluyan ng sundalo, pulis at DILG ang nabanggit na 40 nakalistang pangalan. Lumalagapak na 2.6 milyong piso ang maaring makulimbat nila!

*D: Ano ang epekto sa buhay at kabuhayan ng mga idineklarang sumuko/sumurender ng AFP-PNP?*

CdM: Matapos silang pagkakitaan ng mga korap na opisyal ng

# Suarez sa magsasaka: wala akong magagawa, kahit pa si Presidente Duterte

Sa unang pagkakataon mula nang maupo si Danilo Suarez bilang gobernador ng Quezon ay hinarap niya ang mga lider magsasaka ng Koprahan at Piglas-Quezon noong ika-17 ng Oktubre sa Lungsod ng Lucena.

Inihapag ng mga magsasaka ang mga isyung pambayan at kahilingan ng mamamayan. Tampok sa nasabing kahilingan ang pagtalakay sa bagsak na presyo ng kopra at buo, militarisasyon sa kanayunan, mga mapaminsalang proyekto tulad ng

dam at coal fired power plant, at ang mga pekeng pagpapasuko.

Layon ng mga magsasaka na tugunan ni Suarez ang patuloy na pagbagsak ng presyo ng kopra sa lalawigan. Pero sa halip na solusyonan ito, nadismaya ang mga samahang magbubukid dahil tanging “tubong niyog” lamang ang kayang ilaan ng kapitolyo sa mga magniniyog at wala umanong magagawa ang Gobernador kahit pa ang pangulo ng bansa sa patuloy na pagbagsak ng produktong bukid ng mga Quezonin.

Bukod pa rito, tumanggi ring laanan ng pondo ang mga


biktima ng tagtuyot sa lalawigan habang hindi niya maipaliwanag ang pondo sa kalamidad na inilabas ng Provincial Agriculture Office noong Marso na nagkakalahalaga ng 19.9 milyong piso.

Hindi rin malinaw ang sagot ni Suarez sa iba pang mga isyung pambayan at pinaikot-ikotsakanyang mga pangako na “iimbestigahan” ang mga kwestyunableng proyekto gaya ng food processing plant sa Sariaya na pag-aari ng San Miguel Corporation.

Lalong masama ang loob ng mga katutubong Dumagat at Remontado dahil nagsabi si Gobernador Suarez na hindi niya kayang ipatigil ang Kaliwa dam dahil pambansang proyekto ito.

Umiiwas naman ang gobernador sa usapin ng militarisasyon sa kanayunan.

Nangangamba ang mga samahang magbubukid sa lalawigan sa naging resulta ng dayalogo. Nananawagan ang Koprahan at Piglas-Quezon sa lahat ng mga mamamayan na patuloy na igiit ang karapatan sa lupa, subsidyo sa sakahan, pangangalaga sa kalikasan at ligtas na pamayanan mula sa karahasang militar. **D**



AFP-PNP-DILG, hindi pa rin garantiya na magiging ligtas na sila sa atake ng kontra-rebolusyunaryong digma ng rehimeng US-Duterte. Patuloy silang gigipitin, ipaparada para magpalitrato nang magmukang nanalo ang guberno sa gera nito sa CPP-NPA, gagamitin sila laban sa kababaryo nila para patuloy na sirain ang pagkakaisa ng mamamayan, at ang pinakamalala pwede silang maging target ng EJK. Tulad din ito ng Oplan Tokhang na ang mga diumanong sumuko at nagpailalim sa rehabilitasyon na mga adik at pusher ay naging biktima ng pamamaslang dahil “nanlaban”.

*D: Anong marapat gawin ng mamamayan at rebolusyunaryong kilusan sa ganitong kalagayan?*

CdM: Kailangang patuloy na ilantad at labanan ng mamamayan ang ECLIP at iba pang imbing pakana na nakapaloob sa National Task Force to End Local Communist Armed Conflict at Joint Task Force-Kapanatagan. Hindi dapat mangimi na ipaglaban ang karapatan dahil walang pinipiling biktima ang pasismo ng estado sa pagpapatupad ng kanyang kontra-rebolusyunaryong gera.

Impluwensyahan dapat ng mga organisasyong masa sa baryo ang kanilang mga Sangguniang Barangay para maging kakampi nila at hindi magamit ng sundalo at pulis sa pagpapatupad ng Barangay Task Force-ELCAC.

Ang taumbaryo at sinumang mamamayan na patuloy na pinagbabantaan ng sundalo

ay maaring organisadong magbakwet at magpakanlong sa mga simbahan, makabayang pulitiko at mga samahan na nagtataguyod sa karapatang tao.

Bukas na bukas din ang mga yunit ng NPA sa lalawigan para sa kanilang pagsanib at pagsampa sa tunay na hukbo ng mamamayan. Sa loob ng yunit ng NPA ay siguradong maipagtatanggol ang kanilang karapatan sa pamamagitan ng paglaban.

Ang mga yunit ng Bagong Hukbong Bayan at milisyang bayan ay dapat na maglunsad ng mga aksyong militar laban sa nag-ooperasyong sundalo lalo na sa mga say-ops yunit na nagpapatupad ng kunwaring community support program operation. **D**

## Walang lulutasin ang pagsunod ng LGU ng Quezon sa pagpirma sa ready-made resolution ng AFP

Ang pagdedeklara ng pamahalaang lokal ng lalawigan ng Quezon na persona non grata ang Communist Party of the Philippines at New People's Army ay walang ibang silbi kundi ang pagtakpan ang pagkabangkarote ng NTF/RTF End Local Communist Armed Conflict ng rehimeng US-Duterte.

Para sa CPP-NPA, walang kabuluhang ligal ang resolusyon ng Tanggapan ng Gobernador at Sangguniang Panlalawigan ng Quezon dahil wala namang anumang ugnayan ang CPP-NPA sa alinmang LGU at ahensya ng pamahalaang Duterte.

Lalo nang walang saysay sa pulitika ito dahil sino ang uutuin ng Southern Luzon Command sa isang yari-ng-resolusyon na isinubo nila at idinaan sa pambabaraso para mapasunod ang mga local executive sa probinsya. Sa katunayan, signipikante ang bilang ng mga lingkod-bayan sa pamahalaang lokal na nakikipagmabutihan sa rebolusyunaryong kilusan habang iisang tumpok ng bugnoy-na-niyog ang mga lantarang kontra-rebolusyunaryo sa Quezon.

Magkaganito mang may katawa-tawang deklarasyon ang gobernador at bise-gobernador ng Quezon, hindi nito mababago ang patuloy na pag-iral ng sariling paggugubyrno ng rebolusyunaryong mamamayan sa malawak na kanayunan ng probinsya.

Ang demokratikong gubyrnong bayan sa maraming baryo at bayan ng kanayunan ng Quezon ay may tiyak na mandato na nagmula mismo sa nasasakupan nitong mamamayan. Ang pag-iral ng sariling gubyrno at armadong pwersa na nagtatanggol sa kanyang teritoryong nasasakupan, nagpapatupad ng sariling batas, kaayusang publiko at pagbubuwis, at nagtataguyod ng sistema ng hustisya na patas at kumikilala sa pantay na karapatan ng lahat ang nagpapawalambisa sa deklarasyon ng pamahalaang lokal ng Quezon.

Imbalido ang naturang resolusyon. Panghilot lamang ito sa ego ng amo nilang si Meyor Duterte na araw-araw ay kailangan nilang purihin ang kapalaluan at pagmamagaling. Resolusyon para sa pag-aangat ng kabuhayan ng maralita ang kagyat na kahilingan sa probinsya. Sa halip, dapat na tugunan ng lokal na ehekutibo ang lampas-isang taon ng kahilingan ng magsasaka sa niyugan na magdeklara ng state of calamity para maglaan ng pondo ang mga naging biktima ng

tagtuyot at patuloy na hindi makabangon dahil sa bagsak na presyo ng kopra at buong niyog.

Ang mga ganitong resolusyon na nagmula at may suporta mismo ng mahigit 200 libong pamilya ng magniniyog ang dapat tugunan ng lokal na pamahalaan kung sadyang seryoso sila na lutasin ang ugat ng armadong tunggalian sa kanayunan ng lalawigan.

Hindi ang palabigasan ng mga opisyal ng sundalo at pulis na E-CLIP, na ang ibig sabihin ay pekeng pagsusuko, ang solusyon sa pag-aarmas ng magsasaka, kaya hindi dapat suportahan ng mamamayan.

Nanawagan kami sa mamamayan ng lalawigan na patuloy na makilahok sa usaping panlipunan para higit na mapalakas ang paggugubyrnong nakabatay sa suporta at interes nila. Dapat na maging mapaggit sila sa pagsusulong ng kanilang mga kahilingan at matapang na tumutol sa patakaran at programang hindi para sa kanila.

Sa huli, ang pagkilala at pagrespeto sa mga demokratikong karapatan ng mga mamamayan at mga organisasyon at pakikibaka ng mamamayan ay hindi nakasalalay sa personal na kagustuhan o pagsang-ayon ninumang opisyal ng sundalo at pulis, local executives o maging ni Duterte mismo.

Likas ang karapatan ng mamamayan na dapat igiti at ipagtanggol kapag ito ay pinagbabantaan at sinisikil. **D**

### Bantay Karapatan

Patuloy na inaatake ang buong lalawigan ng Quezon sa ilalim ng kampanya ng rehimeng US-Duterte na patahimikin ang lahat ng tumutuligsa sa kanyang gubyrno. Mula buwan ng Agosto hanggang Oktubre ay naitala ang sumusunod:

Sa bayan ng Mulanay, hinalughog ang isang bahay sa sitio Pilsed Brgy. Cambuga noong nakaraang Agosto 8, walang search warrant ang nasabing panghahalughog ng mga militar.

Sa bayan ng San Narciso, binugbog ng mga elemento ng 85th IBPA ang magkapatid na Arcilla sa Brgy. San Juan noong nakaraang Agosto 27.

Noong Setyembre 14, walang dahilang inimestigahan ng sundalo si ex-Kagawad Mando Buwisan ng barangay Magsaysay sa bayan ng General Luna. Sa kanilang bahay din inaresto si Alex Pacalda.

Inaresto si Arnel Pomponga noong Oktubre 12 sa brgy



## DGB, tuluy-tuloy ang pagbibigay ng libre at mabilis na serbisyo!

Sa ilalim ng Rehimeng US-Duterte, kagimbal-gimbal ang nasisiwalat na mga kaso ng korapsyon, mga tiwaling opisyal ng gobyerno, sundalo at pulis, at lumalalang kabulukan ng sistema ng hustisya sa bansa. Kitang kita ito sa maiinit na usapin tulad ng naging kaso ng katiwalian at anomalya sa hanay ng pulisya sa ilalim ng dating PNP chief Oscar Albayalde na tinaguriang mga “ninja cops”. Patuloy ang kawalan ng katarungan na sinasalamang ng mga nababayaranang kaso sa usapin ng lupa, pagpatay, droga at iba pa.

Sa ganitong kalagayan, sumasandig ang mamamayan sa tunay na gobyernong tumutugon sa kanilang kahilingan at karaingan – ang demokratikong gobyernong bayan.

Ang Demokratikong Gobyernong Bayan o mas kilala sa kanayunan na **DGB**, ay isang kapantay na gobyernong itinatayo ng mamamayan sa mga sonang gerilya sa pamamagitan ng Partido Komunista Pilipinas, Bagong Hukbong Bayan at mga saligang organisasyong masa. Tinataguyod at binibigyang kaganapan nito ang mga kapasyahan at kapakanan ng sambayanan, laluna ng uring pinagsasamantalahan.

Ipinatutupad ng DGB ang rebolusyonaryong hustisya na walang-kinikilingan, at tunay na makatarungan, gayundin ang sistema ng konsilyasyon at pag-aayos ng mga kontradiksyon sa hanay ng mamamayan. Pinapairal ng DGB ang pagkilala sa karapatan para sa wastong proseso ng hustisya, sa pagitan ng dinedemanda at nag-aakusa. Nililitis at sinisiyasat ang mga kaso, krimen at

iba pa sa pamamagitan ng hukumang bayan na libre at mabilis ang aksyon.

Sa mga nakalipas na taon hanggang sa kasalukuyan, bahagi ng programa ng mga sangay ng Partido, yunit ng Bagong Hukbong Bayan at rebolusyonaryong samahang masa ang pagkalap at pagresolba ng mga suliranin ng taong baryo sa mga saklaw nitong sonang gerilya. Sa pamamagitan ng pagtatayo ng hukumang bayan sa mga baryo, nalulutas ang mga sigalot sa pagitan ng mamamayan, matatagal na problemang inihain sa mga ahensya ng reaksyonaryong gobyerno na nanatiling walang kasagutan o pumapabor sa may salapi.

Sa probinsya ng Quezon, kasaysayan ang magsasabi ng mga usaping nabigyang kalutasan na matagal ng sumalanta sa mamamayan tulad ng sumusunod: pagsugpo sa sindikato ng kalabaw at pagbabanggol, pagkilala sa karapatan ng magsasaka bilang tenante, pagresolba sa usapin ng linderos, sanglaan, pagnanakaw hanggang pagbibigay ng hustisya sa mga naging biktima ng panggagahasa at pagpatay, pagparusa sa mga sagad-saring Solo Brothers, salapsap at mga taksil sa bayan.

Ang pagsangguni ng mamamayan sa demokratikong gobyernong bayan ay tugon sa paglutas ng usaping pambayan at paghahanap ng tunay na hustisyang panlipunan. Tinitiyak ng pagtatagumpay ng demokratikong rebolusyong bayan na maitatag ang lipunang pantay-pantay at kilalala sa karapatan ng mamamayan. 🗳️

Sta. Catalina, Lopez, at sapilitan siyang dinala sa presinto ng pulisya.

Noong Oktubre 26, inaresto at kinasuhan ang magkapatid na Edi at Sonny Sanchez ng Brgy. Magsaysay sa Gen.Luna. Sila ay pinagbibintagan na sangkot sa isang pagpatay na hindi naman nila ginawa. Sila ay kabilang sa inilabas na listahan ng 40 residente ng nasabing barangay na pinangangambahang aarestuhin ng mga sundalo katulad ng ginawang pag-aresto at pagpapasuko sa Brgy. Malabahay at Vista Hermosa ng Macalelon; at San Francisco B ng Lopez.

Sa Lopez, tuloy-tuloy na tinatakot ang mga residente ng Brgy. San Francisco B, kabilang sina Viva Resurrecion, Allan Andal, Eliza Noriesta, Flora Castillo, at Daday Resurrecion. Ayon sa nakalap na ulat ng taumbaryo, rereydin ang mga kabahayan ng mga nasabing residente.

Sa bayan ng Macalelon, inaresto ng mga militar noong Oktubre 29 si Ronilo Pensader sa Brgy. Malabahay. Si Pensader ay kabilang sa mga sapilitang lumikas sa kanilang lugar dahil sa militarisasyon.

Samantala, sa bayan ng Tayabas, tinakot at pinagbantaan ng PNP Tayabas noong Oktubre 30 sina Angelo Amores at Joel Boncay, kabilang ang iba pang mga kabataan at artista na maglulunsad sana ng benefit concert para sa panawagang pagpapalaya kay Alex Pacalda. Sinabi ng hepe ng PNP Tayabas na dadamputin ang mga dadalo kung itutuloy ang nasabing aktibidad. Kinundena ng mga artista ang nasabing pananakot at pandarahas ng PNP Tayabas.

Kamakailan, pinuntahan ng dalawang sundalo ng 201st Brigade si Jennilyn Dichoso na coordinator ng Anakpawis partylist para takutin at pasukuin. 🗳️

## Mga Tula sa Gitna ng Digma

**H**indi man naitatanong ng mambabasa kung ano ang iba pang pinagkakaabalahan ng mga mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan sa panahon ng matinding focused military operation ng pasistang sundalo, ito ay ang pagsusulat ng tula.

Natural na makata ang bawat gerilya ng New People's Army. Ang kanilang pakikibaka ay puno ng talinhaga at madetalyeng paglalarawan ng kanilang karanasan — sakripisyo man at kahirapan, o kasiyahan at mga tagumpay.

Itinatampok sa isyung ito ng Diklap ang mga piling tula na naisulat ng mga mandirigma ng NPA sa pagpasok ng taong 2019.

Si Ka Basilio ay maralitanag magsasaka, sa kanyang tula na walang pamagat, mahihinuha na pinukaw ng sining ng digma ang kanyang pagiging makata. Ito ang kanyang unang pagtatangkang sumulat ng tula.


Ang tula na *Ano ang Aming Kasalanan?* ay nilikha para sa sabayang pagbigkas ng Pulang Bandila, ang grupong pangkultura sa loob ng Bagong Hukbong Bayan. Ipinapakita ng tula ang kababaang loob ng uring anakpawis, ang kanilang pagiging kimi, pero kapag isinandal sa pader ng kaapihan ay marunong lumaban, pinipili ang pag-aaklas.

Ang tula ng pagsinta ni Ka Dana, *Gunita ng Pag-ibig*, ay nagpapahiwatig ng pagiging romantiko ng mga pulang mandirigma at mapagmatyag sa kanilang paligid at damdamin.

Ang tula ni Ka Mayari na *Paroroonan* ay deklarasyon ng pagkakatatuklas niya sa tamang landas sa bungad ng mga sangandaan ng petiburgesyong lungsod. Pinipili ng tula na maglakbay sa hindi pamilyar na bundok, ilog at mga linang.

Ang *Wala Akong Binitiwang Salita na Di Pabor sa Mamamayan* ay pagdakila sa masa na hindi tumiklop ang tuhod sa harap ng pasismo. Ang tula na ito ay batay sa karanasan ng mga rebolusyunaryong mamamayan ng Lopez at Macalelon na nagpakita ng kagila-gilalas na tapang sa pagharap sa JTF-Kapanatagan.

Akmang pagkilala rin ang tula sa namayapang si Kris Montanez na orihinal na sumulat ng akda. Moog ng rebolusyunaryong panitikan si Kris Montañez na ang tunay na pangalan ay Gelacio Guillermo, proletaryong-makata ng rebolusyong Pilipino.

Sa gitna ng kontra-rebolusyunaryong digma ng rehimeng US-Duterte, matikas na nakatindig ang mga gerilyang makata, hindi nagpapabaya sa pagbabantay sa kaaway sa lahat ng oras. Tunay na nalilikha ang mahuhusay na tula sa gitna ng digma. 

### Untitled

ni Ka Basilio

Ako'y sumulat ng tula.  
Gamit ang Baril pangtudla.  
Dugo ang gamit na tinta.

Nilalaman ng tula,  
Rebolusyon ang tema.

Ako'y hindi makata,  
nalaman ko lang,  
Ang salitang ito ang tama.

Hirap at sakit para sa paglaya.  
Maubos man ang grasya, pati ang bala  
Pero hindi mawawala ang pag-asa.  
Alam kong anjan ang masa.

## Ano ang Aming Kasalanan?

ni Ka Baby

1. Pagnasaan ang lupang tiwangwang upang kahit minsan makaani nang walang inaalalang partihan?
2. Maggiit ng ayuda mula sa guberno sa halip na milagro ng simbahan sa panahon ng tagtuyot at kasalanan?
3. Bigyan ng hugis at larawan sa mga salitang ipininta sa pader at balatengga ang tunog ng kalam ng tiyan na tanging kaming magkakapitbahay ang nakakarinig?
4. Mag-amba ng bisig at maghagis ng kamao sa hangin, umusal ng babala at banta sa mga komersyante't mandaraya?
5. Tumalikod sa mga kasunduan ng sanglaan matapos naming mapagtantong kami'y naisahan?
6. Mag-abala sa mga samahan, sa mga talakayang lumalalim na sa gabi at lampas sa curfew para umamot ng ipinagbabawal ninyong kaalaman?
7. Lihim na mamuhi at magmura sa inyong nagpapahirap sa amin, sumalungat sa mga salita ng maotilidad?
8. Magkalat ng basura sa mga plasa, mag-iwan ng sangkaterbang polyeto sa kalsada pagkatapos ng mga protesta at welga?
9. Makipagkaibigan sa iba pang api, sa mga tinatakan ninyong terorista, upang makadamang may karamay kami sa pagkakasala?
10. Magkaroon ng mga anak na nag-arms para tubusin kami sa aming mga kasalanan?

## Gunita ng Pag-ibig

ni Ka Dana

Ang buong kagubatan ang iyong alaala.  
Tuwing makikita ko ang luntiang dahon  
Ng mga puno't damo.  
Maaalala kita,  
Sa hampas ng mahina at malakas na hangin  
na dadampi sa aking maputlang balat,  
Masasabik muli ako sa 'yo sinta  
Sa panahon ng anhay at mahirap na lakaran  
Babalik sa aking gunita ang iyong pagmamahal  
Tuwing maririnig ko ang awit ng ating pag-ibig  
Mararamdaman ko muli ang iyong mga halik  
at yakap sa akin  
At habang nakaupo sa duyan  
at masisilayan ko ang buong kagubatan  
Di ko maiwasan ang alaala ng ating pagmamahalan.

## Paroroonan

ni Ka Mayari

“Pasa handa!”

Madilim ang paligid  
ngunit maliwanag na tulak ng adhikain  
Malabo ang nilalakaran  
pero malinaw ang patutunguhan.

Totoong mahirap maglakbay  
sa gabing walang flashlight na nakaagapay  
Subalit napangingibabawan  
sa tuwing iisiping ang Partido ay nakagabay.  
Hukbo man ay pagod, antok na o ngalay,  
Tuloy pa rin ang mataas na diwang taglay.

Isang hilera, nakahawak sa backpack ng kasama  
Ipinapailalim mga tinatagong pangamba  
‘Pagkat sa mga kapwa mandirigma’y lubos ang tiwala  
Sumasandig sa masa – na isa sa mga sandata tungo sa lipunang sosyalista.

“Malalim sa kaliwa, may bahay sa kanan.”  
Ipinapasa ang mensahe mula sa unahan.  
“Lawad ang daan. Sighting! Bilisan!”  
Walang ingay ang mga yapak na paang magtatakbuhan.

Ahon. Lusong.  
Pahinga saglit at saka muling susulong.  
Kapag umuulan at may lukaran, doon sisilong,  
Kapag may masang malapit, sa bahay na may bubong.

At kapag hindi na kakayananing sa destinasyon ay makarating, ang magdamag ay doon na palilipasin.  
Depensa’y babanggitin, ibababa sa lahat sa briefing.

Kinabukasa’y lalakad na muli.  
Sasalubungin init na kay sidhi  
Ipagpapatuloy pagsuong sa gubat na lunti,  
Magpupunla ng maraming binhi  
Walang tigil,  
hanggang masumpungan ang layang minimithi.

## DIKLAP PIDBAK

Anong mga balita at kuwento ang nais ninyong mabasa sa ating rebolusyunaryong pahayagan? Anong masasabi ninyo sa pinakahuling isyu ng Diklap? Para sa mga komentaryo, puna, kontribusyong artikulo at likhang-sining na nais iambag sa Diklap, makipag-ugnayan sa pinakamalapit na pulang-himpilan ng NPA sa inyong lugar. Maari ring mag-email sa [diklapquezon.ph@gmail.com](mailto:diklapquezon.ph@gmail.com)

## Wala Akong Binitiwang Salita na Di Pabor sa Mamamayan

(Pasintabi kay Kris Montañez)

Binulatlat ang inyong damitang durabox.  
Sumambulat sa mukha ng mga sundalo ang mga dagtaing kamiseta,  
pisada ng paglulukad, mga numero ng teleponong pinagbalibaligtad,  
katapat ang pangalan ng mga kasamang ginawa mong kuya, ate, pare, mare.  
Tumambad kay Tinyente Bobis ang notbuk na may mga petsa’t lugar ng pulong, mga pangalang wala sa anumang ponbuk.  
Mga baryang pinaghirapan mo sa pag-uuling na handang ihandog para sa rebolusyon

Ginulpi ka’t tinadyakan,  
tinutukan ng nakakasagang baril.  
“Wala akong alam”  
Tiniik ka ng panyo, naamoy mo ang sariling pawis,  
tinadyakan ka sa ari.  
“Wala akong alam”  
Binalian ka ng tadyang, lumura ng dugo  
“Wala akong alam!”  
Bago ka panawan ng ulirat buong dahas mong dinuraan ang iisang mukha ng mga Eytipip na bayaran, ang ngising-asong mukha ng diktador na Meyor ng Dabaw.

Lupaypay ang katawan mong ibinalandra sa harapan ng iyong dampa.  
Gayunman, hindi ka nila napaamin hinggil sa pinaingatan sa iyong baril ng Hukbong Bayan,  
sa nakakodang mensahe sa teleponong kaagad mong naitago, sa mga uniporme ng NPA na mahigit palang limampu at hindi sasampu.

Ginawa nilang tulay ang iyong likod.

Pinagmartsa ang putikang kombat para paaminin ka kung nasaan si Ka Mitz.

Pinagkasahan at itinutok ang baril sa iyong batok —  
“Patayin na natin ito ser, wala na itong ipipiyok.”

Pero sintapang ng iyong paninindigan Sinabi mong “Huwag nyong ilalayo ang aking bangkay para maparangalan ako ng sambayanan dahil wala akong binitiwang salita na di pabor sa mamamayan!”


Kung gayon, ang kirot ng mga sugat mo’y apoy na nagliliyab sa dibdib ng mamamayan.  
Ang dugo mong namuo’y bakal na sintigas ng kamao ng mamamayan.  
Ang diwa mong di malambungan ng karimlan ay sing-init ng umagang gumigising sa mamamayan.  
Ang iyong salita’y sandata at moog ng mamamayan.  
Kayliwanag ng kasaysayan sa nagdidilim-sa-poot na mukha ng mamamayan!


Bago mag-umaga, nakipagkasundo kang sasamahan sila sa bahay ni Cesario.  
Isa, dalawa, tatlong hakbang – tumalilis ka’t tumakas.  
Pak-pak-praak ang humabol sa iyong bakas! At sa nilikha mong bagnas, parang iniukit ang isang awiting nagpapasigla sa iyo.  
Sa kagubatan nagmumula ang awit ng isang mandirigma, hinihipan ng malayang hangin ang kanyang buhok.  
Tinatapik-tapik niya habang siya’y umaawit ang isang laging nakahandang M-16, anong dalisay ng kanyang tinig.

Sumisilay ang ngiti sa namamaga mong mga labi

Ito ang katarungang umaalingawngaw sa iyong salita!

**Tala ng Editor:** Sa isang pagpupulong ng komiteng seksyon sa lokalidad ng Apitong Complex, tinalakay nila ang laman ng Editorial ng Diklap isyu bilang 15. Ani ng mga kagawad ng seksyon, epektibo ang artikulo para punto-por-puntong sagutin at mapabulaanan ang inihahasik na paninira ng mga sundalong myembro ng “community support program”

tuwing may idaraos na barangay assembly. Iniisa-isa ng Joint Task Force ng sundalo at pulis ang mga barangay sa Quezon para palaganapin ang pasistang pangil ng Oplan Kapanatagan. Hinihikayat ang rebolusyunaryong mamamayan na gamitin ang Diklap bilang sanggunian sa pagpapaliwanag sa taumbayan sa tunay na mukha ng Oplan Kapanatagan. 



# Walang Hazing

Ang treyning sa loob ng Akademyang Militar ng NPA ay hindi lamang

pagpapalakas ng pisikal na katawan at pagpapahusay ng kasanayan sa kombat. Lalong higit na mahalaga ang pagsasanay sa diwa ng pagiging di-makasariili at paglilingkod sa sambayanan, diwa ng simpleng pamumuhay at puspusang pakikibaka, at diwa ng rebolusyonaryong kabayanihan at proletaryong internasyunalismo.

Ang mga ito ang malaking kaibahan sa doktrina ng Philippine Military Academy at Philippine National Police Academy kung saan pinapahirapan at ginugulpi ang mga aplikante para maging bihasa sa karahasan at magtanim ng kaisipang mapaghiganti. Kamakailan, ikinamatay ng isang kadete ng PMA ang pagpapahirap na ginawa sa kanya.

# Alam n'yo ga?

Na ang bombang ginagamit ng NPA ay lehitimong armas ng mamamayan laban sa pasistang AFP? Ang mga bombang ito ay tinatawag na command detonated explosives o CDX. Ang naturang CDX ay pinapasabog lamang kapag may tiyak na target. Hindi ito katulad ng contact land mine, kagaya ng booby trap na malawakang ginamit noong World War II na kapag aksidenteng naapakan o nagalaw ay walang pipiliin ang masasabugan.

Dahil sa pagsasaalang-alang sa buhay ng sibilyan, hindi na mabilang na aksyong militar at taktikal na opensiba ng NPA ang di-natuloy at naantala. May disiplina ng bakal na ipinatutupad sa loob ng pulang hukbo sa usapin ng pagtitiyak sa kaligtasan ng sibilyan. Kabaligtaran ng pagturing ni Digong Duterte sa mamamayang nadadamay sa gitna ng digmaan na mga collateral damage.

# BIHAG-SALITA

P	E	R	S	O	N	A	N	O	N	G	R	A	T	A
A	S	C	D	F	G	H	B	M	Q	M	K	K	A	K
G	N	I	L	U	Y	I	O	F	P	I	H	M	R	P
Q	X	W	E	I	L	O	P	A	D	J	M	S	A	E
V	D	E	W	W	P	Q	G	J	H	L	O	P	I	B
R	T	Y	L	U	I	S	K	O	P	K	L	N	Q	B
A	D	F	H	E	J	A	C	K	L	I	O	U	P	U
Q	W	E	R	T	T	Y	I	K	A	P	E	P	O	L
A	S	D	F	K	G	I	H	J	K	Z	L	Z	G	C
V	B	N	A	M	Q	W	N	E	O	R	T	Y	A	N
D	E	T	E	N	S	Y	O	N	I	G	P	A	T	O
A	S	D	F	U	E	S	G	J	N	L	O	P	O	P
D	G	J	K	L	O	P	A	I	F	H	Y	R	N	A
E	R	O	T	B	N	M	Z	K	C	V	X	A	G	E
A	L	E	X	A	N	A	L	P	O	H	K	L	N	W
A	E	S	R	E	H	W	Q	V	D	G	M	L	O	P
F	U	K	Y	O	U	T	R	U	M	P	R	E	Y	D

- 1. FMO
- 2. CSP
- 3. DETENSYON
- 4. ECLIP
- 5. OPLAN
- 6. QUEZON
- 7. PERSONA NON GRATA
- 8. SUKO
- 9. TARA
- 10. TAKTAK
- 11. WEAPON
- 12. INTEL
- 13. ALEXA
- 14. GATONG
- 15. REYD
- 16. HAZING
- 17. ULING
- 18. SAKO
- 19. KAPE
- 20. AKP

